

Mga Doktor, Komadrona, at Doula:

Paghahanap ng Tamang Team sa Pangangalaga para sa Iyong Pagbubuntis



Sa tingin mo ba maaaring buntis ka? Piliin ang iyong team sa pangangalaga nang maaga upang tulungan ka sa proseso ng iyong pagbubuntis at panganganak. Binabayaran ng Medi-Cal ang mga medikal na propesyonal (gaya ng mga doktor at komadrona), mga doula, at iba pang tagapagkaloob ng pangangalaga upang tulungan ka sa iyong mga pangangailangan.

Sino Sila:

Ano ang Ginagawa Nilang:



Mga DOKTOR, gaya ng mga OB-GYN at ilang Pampamilyang Doktor

Mga medikal na propesyonal na tumutulong sa bawat yugto ng pagbubuntis, kasama ang mga prenatal checkup, panganganak, at postpartum care.

- » Dalubhasa sa kalusugan ng ina, pagbibigay ng mga checkup, test, at reseta
- » Sinusubaybayan ang mga pagbubuntis na mataas ang panganib
- » Kadalasang nagpapaanak ng mga sanggol sa ospital
- » Kayang magsagawa ng mga operasyon (tulad ng C-section)



MGA KOMADRONA

Mga espesyal na sinanay na propesyonal sa kalusugan na nangangalaga para sa mga taong may malusog at mababang panganib na pagbubuntis—kasama ang mga prenatal checkup, panganganak, at postpartum care. Ang ilang komadrona ay nars din.

- » Nagbibigay ng mga prenatal checkup, payo, at suportang emosyonal
- » Sinusuportahan ang pang-indibidwal na pamamaraan sa pagbubuntis at panganganak
- » Kayang magpaanak ng mga sanggol sa ospital, center para sa panganganak, o sa bahay
- » Hindi nagsasagawa ng mga operasyon (tulad ng C-section)



MGA DOULA

Ang mga nagtatrabaho kaugnay ng panganganak na tumutulong sa pisikal, emosyonal, at hindi medikal na suporta bago ng, sa panahon ng, at pagkatapos ng panganganak. Hindi sila nagbibigay ng medikal na paggamot o nagpapaanak.

- » Tinuturuan ka tungkol sa pagbubuntis, panganganak, at pag-aalaga ng sanggol
- » Pinapalakas ka at tinutulungan kang magsabi ng gusto mo sa panahon ng pagbubuntis at panganganak
- » Nagbibigay ng suporta sa paghinga, pagrerelaks, at iba pa sa panahon ng panganganak

Handa ka bang suportahan ang isang malusog na pagbubuntis at simulan nang malakas ang paglalakbay ng iyong sanggol?

I-scan ang QR code o bisitahin ang <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Maternal-Perinatal.aspx> upang malaman ang higit pa tungkol sa pagpili ng tamang team para sa iyo at sa iyong pamilya.

